

1

“Saan mo naman napulot ang babaeng pakakasalan mo?” tanong kay Miguel ng pinsang abogado. Ito ang naisipan niyang hingan ng tulong para mag-ayos ng mga papeles na kakailanganin niya sa pagpapakasal.

“Ask my resourceful PA,” tugon niya, bahagyang kumiling sa direksyon ni Jose habang nagmamaneho.

Nasa high school pa lang siya ay boy na si Jose sa bahay nila. Nang magkaroon siya ng sariling opisina ay kinuha niya ito bilang messenger, PA, road manager at kung anu-ano pa. In short ay parang kaibigang pinagkakatiwalaan na rin niya ito.

Papunta sila ngayon sa ospital kung saan gaganapin ang pirmahan ng marriage contract.

“Jose, sigurado ka ba sa kredibilidad ng babaeng ’yon?” baling ng abogado kay Jose.

“Attorney, sa totoo lang...” Napakamot pa ito sa ulo habang tila di mapakali sa pagkakaupo sa passenger seat. “Nirekomenda ko lang kay Bossing Miggy ’yon, pero siya pa rin ang kumilatis. Ang order lang naman sa akin, maghanap ako ng babaeng may matinding pangangailangan na papatol sa alok niya.

'Ayun, nahanap ko si Julie—matinding-matindi ang pangangailangan.”

“Sigurado ka na ba, Miggy, sa planong ito? I think this is riskier than marrying the woman your father has chosen for you.”

“One hundred and one percent sure, Attorney Ricardo Andres. Ayaw ko pang matali sa pag-aasawa. Marami pa akong gustong gawin sa buhay ko at wala sa priorities ko ang pagkakaroon ng asawang makikialam sa bawat kilos ko.” Tiningnan niya sandali sa rearview mirror ang pinsang nakaupo sa backseat. Ric was the epitome of an attorney at law—inquisitive, meticulous, thorough.

“So what is the logic of marrying Julie kung ayaw mo pang mag-asawa? Huwag mong sabihing para makaiwas ka sa shotgun wedding? Miggy, this is practically suicide! Paano kung bigla siyang magkainteres sa kayamanan mo? Aren't you safer with Sharmaine?”

Si Sharmaine ang babaeng inirereto sa kanya ng mga magulang. Anak ito ng business partner ng papa niya. Kung pakakasalan niya ang spoiled brat na dalaga, tiyak na ang eternal na pagkakatali niya rito. Pero kay Julie...

“I’m safer with Julie,” kumpiyansa niyang sagot. “She’s a cancer patient.”

“What?” gulilat na tanong ng abogado. “A cancer patient? Maaatim mo bang sipingang ang babaeng may cancer?”

“Siyempre hindi. Kasama sa kasunduan ang no consummation of marriage. Alam mo naman, women are hopeless romantics. Kapag may konting intimate na nangyari sa inyo, mag-a-assume na kaagad ’yon. I may sound like a villain, pero napag-usapan na naming mabuti ang tungkol sa short-term marriage. Malinaw kausap si Julie. Hindi ko na siya kailangang i-divorce o ipa-annul ang kasal namin. Once she’s gone, I’m free and single again. And it’s a romance-free settlement.”

“Magkano ang hininging talent fee?”

“Five hundred thousand lang ang offer ko pero in-accept niya kaagad. Para sa educational plan ng maiiwan niyang anak at kaunting panggastos habang narito pa siya sa mundo. Hindi na raw siya magpapagamot tatal ay hindi na rin naman siya gagaling.”

Sa totoo lang, awa at paghanga ang naramdaman niya kay Julie. Saludo siya sa tibay ng loob nito

na harapin ang kalagayan. Sa ilang beses niyang pakikipagkita rito ay hindi pa niya ito nakakitaan ng pagse-self pity, pinipilit pa rin ng babaeng maging masayahin sa kabila ng lahat. Kung pakikinggan ang tono ng pananalita nito at hindi titingnan ang hitsura ng nagsasalita, hindi aakalain ng sino man na cancer patient ang kausap dahil mabiro pa rin ito.

“Just hope na hindi ka i-double cross ng relatives niya kapag nalaman ang pagpapakasal niya sa isang mayamang negosyante.”

“That’s the thing, Ric, ulila na silang magkapatid. Ang closest relatives nila ay ang half-siblings na nakatira sa stepmother nilang nasa Palawan.”

“Talagang nakapag-background check ka na rin,” panghuling komento ng abogado.

Pagdating sa compound ng ospital ay pinauna na niya ang PA at ang abogado sa ward ni Julie. Siya na ang bahalang mag-park ng kotse. Dumerecho pa siya sa basement parking ng hospital nang walang makitang vacant slot sa labas.

Madilim sa basement. Bagaman mabagal niyang pinausad ang kotse ay mahirap pa ring kontrolin ang biglaang pagbilis nito sa bahaging inclined at pakurba. Tuloy muntik pa niyang mabundol ang

isang babaeng biglang sumulpot galing sa kung saan. Binusinahan niya ito pero sa halip na magmadali ay parang na-freeze pa ito sa gitna ng daraanan niya.

“Damn!”

He looked at the wide-eyed lady-fear, shock and worry were written all over her beautiful face. Agad siyang bumaba para i-check ito.

“Pasensya na. Hindi ko kaagad napansin ang sasakyan,” agad na hinging paumanhin nito di pa man siya nakakalapit.

Kaya naman hindi na niya itinuloy ang balak na pagalitan ito.

“Be careful next time, Miss...” Natigilan siya nang makitang lumuluha ito. Sa patuloy na pagtitig sa maamong mukha ng babae ay naisip niyang parang pamilyar sa kanya ang hitsura nito.

“Pasensya na uli,” anito habang pinapahid ang hindi maampat na luha. Nagmamadali na itong tumalikod at tinungo ang elevator door sa basement.

Biglang naalala ni Miggy kung saan niya nakita ang babae—sa mga pictures na ipinakita sa kanya ni Julie. Posible kayang ito ang kapatid ni Julie?

“Miss!” tawag niya at mabilis itong sinundan.

“Are you Lian Dancel?”

Nalilitong tumango ito, bakas pa rin ang luha sa mga mata.

“Miggy,” aniyang inilahad ang kanang palad.
“Miguel Pacheco.”

“Nice meeting you,” tugon nitong pilit pinasigla ang tinig, ngumiti sa unang pagkakataon. “Puwede ba tayong mag-usap saglit?”

Sa canteen ng hospital sila humantong. Nagpasalamat ito sa lahat ng pinansyal na naitulong niya. Nalaman niyang kauwi lang nito mula sa Hong Kong kung saan sales lady ito sa isang department store.

Sa pagkukuwento ni Lian ay nalaman niyang genetic factor ang dahilan ng pagkakaroon ni Julie ng leukemia. Ang nanay nila ay kaparehong sakit ang ikinamatay.

“Alam na ba ni Zarina na malala na ang kalagayan ng mommy niya?”

“Wala pang kaalam-alam ang bata. Ang alam niya, pareho kaming nasa Hong Kong ni Ate Julie ngayon at nagtatrabaho para sa kanya. Hindi ko rin naman kayang ako ang magsabi ng masamang balita

sa kanya.” Muling sumungaw ang mga butil ng luha sa mga mata nito.

He resisted the urge to embrace Lian and to console her in his arms. Sa tingin niya, halos lahat ng tatag ng loob at pagkapositibo ay nakuha ni Julie at kakaunti na lang ang natira kay Lian. She looked wretched. She was definitely weaker than Julie.

“Sabagay, may point si Julie. Zarina is just six years old para pag-alalahanin sa ganitong bagay.”

Last month ay nakita niya ang bata bago nagpa-admit sa hospital si Julie. Nag-bonding ang mag-ina, kunwari ay paalis na uli ito papuntang Hong Kong. Nasa pangangalaga ng lolo at lola nito si Zarina, mga magulang ng namayapang asawa ni Julie.

“Lian, ipirma mo naman si Ate, please. Kaya mo namang gayahin, di ba? Cursive J. Dancel lang,” anas ng may-sakit. Tila hinang-hina ito at hindi kayang magsulat.

“Ate, marriage contract mo ’yan,” tanggi ni Lian.

“Okay lang ’yon,” pangungunsinti ng pinsang abogado ni Miggy. “Hindi na malalaman sa *Civil Registry Office* ’yan. Actually, kayang-kaya na sanang

i-fake ang mga signatures. Kaya lang siyempre, para masabi naman nating may naganap na kasalan.”

Ipinakita pa nitong hindi pa filled out ang marriage contract form.

“Si Miggy kasi, nagmamadali. Nakatutok na sa kanya ang shotgun,” biro ng pinsang si Ric.

“May flight ako mamayang gabi,” ani Miggy. “I’ll be staying in Europe for a month or two.”

Dapat ay business trip iyon, pero nang makita niyang kasama sa itinerary at travel plan ang mama niya at si Sharmaine, kinutuban siyang maaaring set-up iyon—para maikasal siya kay Sharmaine. Mabuti at maaga niyang nalaman ang tungkol doon kaya kaagad-agad ay nagpasaklolo siya kay Ric.

“Please sign it, Lian.” Siya na mismo ang naglapit ng papel sa dalaga sabay abot ng ballpen. “It’s harmless.”

She took the pen and signed all four copies. When she handed it back to Miggy, their eyes met and locked for a moment. She didn’t need to be reminded that the eyes *were* the window to the soul—nakikita niya sa mga mata ni Miggy na mabuti itong tao.

Ang nagagawa nga naman ng pera at koneksyon,

An Honest Mistake - Alexie Aragon

walang kinuhang license o anumang papeles sa munisipyo, walang kaharap na judge o mayor, pero mapapalabas na legal ang kasal.

“Pasalamat ka, Miggy, bedridden ako ngayon. Kung hindi, mapapalaban ka sa akin sa magdamag,” biro ni Julie.

“Salamat, kung gan’un,” ganting biro ni Miggy. “Medyo conservative kasi ako.”

“Oo nga pala, saka di ba, virgin ka pa?”

Sa ganoong kalagayan ni Julie ay nakukuha pa nitong bumungisngis. And she admired her sister for that.

2

Hong Kong, months later...

“I hate you, Miggy!” nanggigigil na bulong ni Lian. She felt a pinch of jealousy when she saw her brother-in-law with another girl.

Dinipensahan niya ang sarili na hindi para sa kanya ang nararamdamang paninibugho kundi para sa Ate Julie niya. Pero alam niya ang tunay na sitwasyon ng pagpapakasal ng dalawa—sa papel lang. Kaya malinaw na malayang-malaya si Miggy kahit ilang babae pa ang sabay-sabay na i-date nito.

“Whatever!”

Usapan nila ni Miggy na rito sa terminal ng *Star Ferry* sa Kowloon sila magkikita at pagkatapos ay sabay na silang magtutungo sa mainland Hong Kong para salubungin naman si Julie na magpapa-therapy sa *Hong Kong District Hospital*.

May nakuha siyang apartment doon na pansamantala nilang tutuluyang magkapatid habang on-going ang immunotherapy nito—isang makabagong approach sa paggamot sa leukemia.

Galing si Miggy sa isang leisure trip sa Japan, nagpa-divert ng flight sa Hong Kong. Nag-mountain climbing kasama ang ilang business associates at malamang sa hindi ay kasama rin ang kulot na babaeng nakaabrisete sa braso nito.

“Unatin ko kaya ang buhok ng babaeng ’to...” Kumaway siya sa direksyon ni Miggy para mapansin siya nito. Kanina ay nakapag-send na siya sa lalaki ng text message kung saan ang exact location niya sa mataong terminal.

Agad naman siyang nakita nito. Kinausap nito ang babae na tila nagpapaalam. Gayon na lamang ang inis ni Lian nang umukyabit si Kulot sa leeg ni Miggy at hinalikan ito sa mga labi.

Enjoy ka naman! Nayayamot na sinalubong na niya ang bayaw hila ang sariling maleta.

Kanina ay na-rehearse na niya kung paano magpapasalamat dito sa sobra-sobrang tulong na naibibigay nito sa kapatid niya. Pero nagbago ang isip niya dahil sa nakakainis na eksenang nasaksihan.

“Hi,” salubong ni Miggy. Nakangiti ito pero matamlay at tila nangangalumata.

“Hello! May kasama ka yata kanina?” She was not aware that she sounded like a jealous wife. Nang

makitang napalis ang ngiti ng kausap ay saka lang niya napagtanto kung ano ang nasabi. “No. I mean, hindi ba siya sasabay sa atin?”

Matagal bago nakatugon si Miggy. “Hindi. Mag-i-stay pa sila sa Tsim Sha Tui.” Miggy hated explaining his actions but his instinct told him that he ought to. “She’s just a friend. No strings attached,” dagdag nito.

Kahit paano ay naglubag nang kaunti ang kalooban ni Lian sa sinabi ng bayaw na kaibigan lang nito ang babae.

“Tsim Sha Tsui? Siguradong magsa-shopping ’yon.”

“Paano mo nalaman?”

Nag-uusap sila habang magkaagapay na naglalakad papunta sa sasakyang ferry na maghahatid sa kanila sa napakayamang isla ng Hong Kong.

“Shopping and entertainment center ’yon ng Kowloon at doon ako nagtatrabaho.”

“I see. Mabuti’t nakapag-leave ka.”

“Finished contract na. Pauwi na sana ako sa atin. Kaya lang, tumawag si Ate Julie tungkol sa balak niyang pagpapagamot.”

Matagal na niyang hinihimok ang kapatid na magpa-chemotherapy. Maging si Miggy ay nagprisinta nang tutulong sa gastusin pero tumanggi si Julie.

”Ayaw kong pumangit sa paningin ng anak ko at ng mga guwapong doctor,” sasabihin nito na susundan ng bungisngis.

Hanggang ngayon ay hindi niya mahulaan kung saan kumukuha ng tatag ng loob ang Ate Julie niya samantalang sa simpleng drama sa pelikula ay madaling tumulo ang luha nito.

Sa immunotherapy ay tuturuan lang ng antibodies ang leukemic patient, hindi katulad ng chemo na mas intensive at mas maraming drugs ang sabay-sabay na tini-take ang pasyente.

“Paano kung mapagaling si Ate ng immunotherapy?” naisip niyang itanong kay Miggy.

“Better. Best for Zarina,” matapat na tugon nito.

“Eh, di magiging for real na ang marriage ninyo.”

Napansin niya ang mahinang pagtawa nito. She secretly felt a rush of enchantment. At natutuwa siyang makita itong muli.

“Knowing Julie, baka mauna pang mag-file sa akin ng annulment ’yon kapag gumaling siya.”

“Nagkuwento siya sa ’yo about her romance story, right?” Napatirik ang mga mata niya nang makitang tumango si Miggy. “Si Ate talaga!”

“There’s nothing wrong with that. In fact, humahanga pa nga ako sa fighting spirit niya.”

“Yeah, sa hopeless niyang kalagayan, nai-in love pa siya... pero ’yung ikuwento pa sa ’yo—”

“It’s perfectly all right, Lian. Sa papel lang kami kasal,” nakangiting putol ni Miggy. “Ni hindi kami magkasama sa iisang bahay. And I’m glad she likes the set-up.”

Ayon sa kuwento ng ate niya, isang kapwa cancer patient umano ang nagpapatibok ng puso nito sa kasalukuyan.

Nang makarating sila sa destination port ay nag-taxi na lang sila papuntang Kennedy Town kung saan naroon ang district hospital, malapit sa *Hong Kong University* at sa apartment na kinuha niya.

Ilang oras pa at susunduin din niya sa airport ang kapatid.

“Nag-demand ba si Ate na dapat narito ka sa therapy niya?” curious niyang tanong pagdating nila sa apartment.

“Hindi. Narito na rin lang ako kaya naisipan ko nang dumalaw. Moral support.”

Nagtimpla siya ng kape dahil pakiramdam niya ay sinisikmura siya. Binigyan din niya si Miggy.

Pagkatapos ng kasal noon ay ilang beses pa rin niyang nakasalamuha ang lalaki bago siya bumalik sa trabaho. Mabait ito, walang duda. Minsan nagbibiro, pero mas madalas seryoso. Lagi yatang iniisip ang mga goals nito sa buhay na gustong maabot. Sa una ay mapagkakamalan mo itong easygoing dahil magaan ang pagdadala nito sa sarili. Pero kapag nakakuwentuhan mo na, mapapansin mo ang lalim ng pagkatao nito.

Lihim siyang umaasam na sana ay makatagpo siya ng lalaking katulad ni Miguel Pacheco. Minsan kapag natitiyempuhan ay nakakausap rin niya ito sa *Skype*. Ito rin ang means of communication niya sa pamangkin at sa kapatid.

“Alam na ba ng parents mo ang tungkol sa pagpapakasal mo sa isang cancer patient?”

“They know I’m already married. Pero hindi ko na sinabi ang kalagayan ni Julie at saka hindi naman sila nagtatanong. Against kasi sila sa ginawa ko.”

“Hindi ba sila nagtataka kung saan mo ginagastos

ang mga kinikita mo?”

“Hindi naman nila ako pinakikialaman sa bagay na iyon. Isa pa, kung si Sharmaine ang tutustusan ko ang luho, baka mas mapamahal pa ang gastos ko.”

“Sharmaine?” Muling nakadama ng disgust si Lian pagkarinig sa pangalan ng babae. “Girlfriend mo?”

Hindi nakasagot ang lalaki dahil sa sunud-sunod na pagbahing.

“Sorry... I appear to have caught the flu from mountain climbing.”

Agad niyang kinuha sa hand carry bag ang kanyang medicine purse. Nakasanayan na niyang lagi iyong bitbit dahil madali rin siyang kapitan ng trangkaso. Nasa purse din ang ilang food supplements na madalas niyang makalimutang inumin.

“Here, inumin mo ito.”

“Thanks. Pero huwag na. Tubig at pahinga lang ito.”

“Kung nasa Pilipinas ka, puwede. Pero dahil narito ka sa malamig na bansa, kailangan ng medicine reinforcement.” Tinanggal niya sa foil ang tabletas at iniabot sa lalaki kasama ang bottled water.

“Hindi ka rin makulit, ’no?” he said as he took the tablet and water from her. “Salamat po, ’Nay,” he added as a joke.

Kunwa ay sinimangutan niya ito.

“Naayos ko na ang magiging kuwarto mo. Magpahinga ka na. Tatawagan ko lang si Ate kung anong oras ang re-sched ng delayed flight niya.”

Sa bigla niyang pagtayo ay nakaramdam siya ng bahagyang pagkahilo at... pagsusuka. Tutop ang bibig na tinakbo niya ang lababo. Seasickness.

Kaya nga ba hangga’t maaari ay iniawasan niya ang magbiyahe sa dagat. Anti-vertigo tablets would help while she was on board pero kapag nawala na ang bisa ng gamot tulad ngayon, para na naman siyang naglililihi.

“Speaking of delayed,” seryosong pahayag ni Miggy na sumunod kay Lian at hinagod ang likod nito, blangko ang ekspresyon ng mukha habang pinagmamasdan ang namumutlang dalaga. “When was your last period, Lian?”

Naghihintay si Miguel pero mukhang walang balak sumagot ang babae. *Damn*. He needed... wanted an answer and he wanted it now!

Ang lohikal na parte ng utak niya ay kumukuwestiyon sa kung anong pakialam niya sa menstrual cycle ng hipag.

Yeah, what the heck do I care...

Muli niyang hinaplos-haplos ang likuran nito. Lian looked skinnier than the last time he'd seen her. Hinawi niya ang hibla ng buhok na tumatakip sa mukha nitong nakayuko sa sink. He held it at her nape.

He liked the feeling of those silky black strands on his palm. Natural ang pagkaunat ng buhok nito, sigurado siya. In his mind, he could see Lian's bed-tousled hair sprawled on his pillow, on his bed. His blood seemed to race downward and it awakened his...

“Hindi ako buntis,” mariing deklara ni Lian na may kasamang irap.

He found her action cute.

Sa wakas ay natapos din ang ‘paghihirap’ nito.

Hindi niya maintindihan kung bakit tila nakahinga siya nang maluwag sa sinabi nito.

“Travel sickness kung gayon. May aftershock pa ba ’yan?” may pag-aalala niyang tanong. “Finish your

coffee, it'll help settle your stomach.” Inalalayan niya itong maupo.

Pagkatapos ay nagpahinga na sila sa magkahiwalay na silid.

Hanggang sa makaidlip ay ang magandang mukha ni Lian ang nasa isip niya. Ang sabi ni Julie ay pihikan daw sa lalaki ang kapatid. Sa edad na beinte-cuatro ay naka-dalawang kasintahan lang ito. One during college days at ang current boyfriend nito ngayon ay OFW rin dito sa Hong Kong.

Pinag-aaral ni Lian ang dalawang half-brothers sa college. Dati ay magkatuwang ang magkapatid pero nang ma-diagnose ang sakit ni Julie ay mag-isa nang pinasan ni Lian ang gastusin ng dalawang estudyante.

Mabuti kahit paano, may health insurance si Julie. Kaya ang pinoproblema na lang nito ay ang educational plan at kaunting trust fund na maiiwan sa anak. Solved na rin ito dahil sa gift check na bigay niya. Ayon kay Julie, magaan na ang loob na lilisanin nito ang daigdig, at alam nitong hindi pababayaan ni Lian si Zarina.

Kayanin kaya ng dalaga ang maging foster parent ng anim na taong gulang na pamangkin?

Nagising si Miggy sa bahagyang pagyugyog sa

kanyang balikat. Si Lian.

“Narinig kitang umuungol. Mataas pala ang lagnat mo.” Sinasalat nito ang kanyang noo, pisngi at leeg. “Uminom ka uli ng gamot, Miggy.”

Bago pa siya makakilos ay inalalayan na siya nitong makabangon. Her breast brushed the side of his arm and his jaw clenched. Hindi niya alam kung dahil iyon sa contact o dahil sa trangkaso. Ngayon lang niya naramdaman ang matinding pananakit ng ulo at mainit nga ang kanyang pakiramdam. Para siyang batang pinainom ni Lian ng tubig at gamot. Then she tucked him again in bed.

“Tawagin mo lang ako kapag may kailangan ka,” bilin nito pagkatapos maiayos ang makapal na blanket.

He silently wished she would kiss him. For a moment he was enthralled by the sweet feminine fragrance that filled his nostrils. If only he could kiss her sister-in-law.

“Tantanan mo na nga ang pagiging dramatista, Hulyana. Tama na ang kakaiyak,” pabirong saway ng kanyang Ate Julie sa kanya. “Daig na daig ka pa ng pamangkin mo.”

Nanatili siyang nakasubsob sa kandungan nito habang hinahaplos ang kanyang buhok at likod. Para ngang baliktad ang sitwasyon—ang ate niyang may taning na ang buhay ang umaalo at nagpapalakas ng loob niya.

“Ate, hindi ko kakayaning mag-isa ’to. Huwag mo naman akong iwan, please.”

“Puwede ba naman ’yon? Nakakompromiso na ako kay San Pedro. At saka kayang-kaya mo ’yan. Inuuna kasi ang iyak, eh.”

“Isipin mong gagaling ka pa, Ate. Ikaw ang magkaroon ng lakas ng loob,” lumuluha niyang sabi.

Isang bahaw na tawa ang pinakawalan ng kapatid niya at pagkatapos ay tinawag ang atensyon ni Miggy na nakamasid lang sa kanila.

“Miggy, sabihin mo nga sa akin ang totoo. Kapag ganitong ngarag sa kakaiyak ang magsasabi sa ’yo ng ‘be strong’, mai-inspire ka ba?”

“Siyempre hindi. Lian, tama ang ate mo, there’s no use crying. At saka dapat siya ang huhugot ng lakas mula sa ’yo.”

“O, ayan, dalawa na kaming nagpapayo. Gusto mo bang i-hello kita kay Inay at Itay? Feeling ko,

ako ang favorite nilang anak. Kasi mas inuna akong penitasyon kesa sa 'yo, Lian.”

Hindi bumenta sa kanya ang birong iyon. Lalo siyang naiyak. Yumakap siya sa ate niya. Niyakap din siya nito nang mahigpit, na para bang alam nitong hindi na ito magtatagal.

“Miggy, bahala ka na sa crybaby na 'to, ha? Kapag pinabayaan mo 'to, ikaw ang isusunod kong ipetasyon kay San Pedro,” pabirong habilin nito.

Malungkot na ngumiti si Miggy.

When Julie lapsed into unconsciousness and the doctors declared that she would not wake up again, isang tawag lang niya kay Miggy ay agad na naroon ito para damayan siya.

3

After two years...

Dalawang malakas na sampal ang pinadapo ni Lian sa magkabilang pisngi ng kasintahang si Rommel. “How dare you! Ano’ng karapatan mong pagsalitaan ako ng ganyan? Hindi ako mababang uri ng babae na kagaya ng iniisip mo.”

“Kung sa karapatan, meron, Lian. Ako lang naman ang boyfriend mong pinaglaruan sa loob ng tatlong taon. Akala ko pa naman, iba ka sa maraming babaeng nakilala ko. ’Yon pala katulad ka rin nilang manggagamit at mapagsamantala. At may gana ka pang magmalinis, ha?” he shouted back with equal rage.

Sa totoo lang, hindi niya alam ang puno’t dulo ng ipinagkakaganito ni Rommel. Mahinahon itong tao at ngayon lang niya ito nakitang nagalit nang husto. Anupaman, wala pa rin itong karapatang husgahan ang kanyang pagkatao lalo at wala namang basehan ang mga ibinibintang nito.

“At paano mo nasabing niloloko kita at ginagamit? For your information, kahit kailan hindi ako nanghingi

sa 'yo ni piso.” Sabihin nang nagmamalaki siya, pero totoong isa siya sa mga kababaihang kayang mabuhay na walang sinumang sinasandalan, kung financial din lang ang pinag-uusapan.

“Hayan ang ebidensya!” Ibinagsak nito sa mesa sa harap ni Lian ang papel. “T*angina, Lian!” he cursed.

“Same to you!” ganti niya at curious na kinuha ang papel.

Tigagal siya sa nakita, para siyang natuklaw ng ahas. Naririnig pa rin niya ang galit na galit na litanya ni Rommel pero wala na siyang ganang patulan pa ito.

It was a shocking revelation!

“Kaya naman pala ilang taon na kitang niyayayang magpakasal, eh, puro ka dahilan. Kesyo marami ka pang pangarap, pagtatapusin mo muna ang mga kapatid mo, pati si Zarina na walang kinalaman, isinasama mo sa alibi. Ngayon, bistado na kita. Magkano ang nahuhuthot mo sa Miguel Pacheco na 'yan?”

Miguel Pacheco? Si Miggy. Paanong pangalan ko ang nakalagay sa marriage contract? Tila sasabog ang ulo niya sa pag-iisip sa tamang kasagutan.

“Don’t try to deceive me, Lian, na hindi mo pirma ’yan. I know your handwriting.”

Yes, of course, handwriting ko ’yan. Puwede ko bang sabihin kay Rommel ang kasunduan nina Miggy at Ate Julie?

Siyempre, hindi dahil ang usapan ay ibabaon na sa limot ang nakaraan. There were only five persons who knew about it at patay na ang isa—ang ate niya.

Nagbalik sa alaala niya ang araw ng kasal. Hindi pa nakukumpleto ang form na pinirmahan niya para sa kapatid. And she signed thoughtlessly, carelessly. That was it!

Pero kaninong panukala ang deception na ito? Kay Julie? Malabo. At bakit naman siya lolokohin at ipapahamak ng kapatid?

Kay Miguel? Hindi rin. Kaya nga cancer patient ang pinakasalan nito ay para hindi matali sa matrimonya ng kasal habambuhay.

Kanino kung gayon? It must have been an honest mistake...

Hindi mabibigyang-kasagutan ang mga tanong na ito hangga’t hindi niya nakakausap ang taong involved—si Miggy.

Sakto, pauwi na siya ng Pilipinas para sana asikasuhin ang mga papeles sa pagpapakasal nila ni Rommel. Sa sobrang atat ng kasintahan ay nagpauna na itong nagpakuha ng mga papeles na hindi nangangailangan ng personal appearance ng magpapakasal kaya nagkaroon ito ng kopya ng Certificate of No Marriage o CENOMAR.

“Kunwari ka pang ayaw mo sa pre-marital sex. Huwag mong sabihing halos tatlong taon kang kasal sa Miguel na ’yan pero hindi kayo nag-sex kahit—”

Isang sampal pa ang nakapagpatahimik sa lalaki.

“Pagdating ko sa Manila, aalamin ko ang tungkol diyan. Isa lang ang hindi ko sigurado, Rommel—kung gugustuhin ko pang magpakasal sa ’yo.”

Pagkaalis nito ay nahulog siya sa malalim na pag-iisip. Patuloy na nag-e-echo sa utak niya ang huling katagang binanggit nito. Sex.

She was not that naïve about sex. Marami sa kanyang mga Pinay co-workers ang liberated na ang pananaw tungkol dito. And she learned some theories from them.

Kapag nagkakalapit sila noon ni Miggy, may nararamdaman siyang kakaiba—butterflies in her stomach, the odd sensation that made her yearn for

his touch and kiss.

Minsan ay natukso rin siya. Tama, maituturing na tukso at kasalanan iyon dahil technically, bayaw niya si Miggy.

“We haven’t gone that far pero dalawang taon din akong hindi pinatahimik ng konsyensya ko sa pag-aakalang asawa ng ate ko ang nilalandi ko...” wala sa loob na anas niya.

So you’re willing to reach the point of no return if you’ve known earlier that he’s your husband?

Takot, pangamba at excitement ang halo-halong emosyon na nadarama niya.

It was time to find out the truth.

Philippines...

Finally, na-realize na rin ng mga magulang ni Miggy na hindi one-size-fits-all ang arranged marriage. Palibhasa ay produkto ng successful arranged marriage kaya inakala ng mga ito na uubra ang gayong set-up maging sa mga anak. Unfortunately, palpak ang kinalabasan niyon sa dalawang nakatatandang kapatid ni Miggy.

Kaya ngayon, malabo nang pilitin pa siya ng mga magulang na pakasalan ang manok ng mga ito na si Sharmaine.

Dahil dito, nagpasya siyang magpa-change of status na from married to widower. Salamat kay Julie at nagkaroon siya ng pansamantalang pananggalang.

Pero isang masamang balita ang gumimbal sa kanya ngayon lang.

“Juliana Dancel is alive, Miggy. Hindi ka puwedeng magpa-change of status without her death certificate,” paliwanag ng pinsang abogado na kasapakat din niya sa pekeng kasalan.

“Patay na si Julie, Ric. I was there, believe me.”

Isang buntong-hininga ang pinakawalan ng pinsan. “I think you’re in trouble, Buddy. I can sense an honest but terrible mistake here.”

“Mistake?” tanong ni Miggy sa tonong naiirita. “Like Julie and Juliana are different persons?”

“Exactly.”

Pakiramdam ni Miggy ay binuhusan siya ng nagyeyelong tubig sa ulo kaya pati utak niya ay na-freeze at hindi na makapag-iisip. Mabuti pang sinabi nitong 1:100 na ang rate ng dollar versus peso. Pero

ang malaman na nakatali pala siya sa isang babae? Hell! Parang nakikini-kinita na niya ang nang-uuyam na tingin ng mga magulang niya at ni Sharmaine.

“Look, Miguel. Julieta Dancel ang nasa Death Certificate. Malinaw, si Julie ’yan. Pero ang nasa marriage certificate mo, Juliana Dancel—”

“Juliana, Julian... Lian? Si Lian lang ang nag-iisang kapatid na babae ni Julie.”

“See. Sinabi ko sa ’yo, once they learn about your fortune, magkakainteres sila.”

Part of him believed that Lian was not the type to do this kind of scheme.

Pero ano ang ibang motibo nito para magbigay ng maling birth certificate? Siyempre, para linlangin siya at maambunan ng kayamanan.

Hindi niya ugali ang magbigay-bawi pero sa pagkakataong ito ay parang gusto niyang isumbat lahat ng naitulong sa mag-ina. Kulang pa ba? The thought of Julie’s lovely face calmed him.

“Baka naman nasa atin ang pagkakamali? Ikaw, bakit hindi mo dinobol check ang entries sa marriage contract?”

“What do I know? Isa pa, Julie can be a pet name

for Juliana. At saka si Jose ang nag-abot sa akin ng NSO copy.”

Napalingon si Jose na nasa isang sulok ng opisina nang marinig ang pangalan.

“Attorney, si Bossing ang nagbigay sa akin ng envelope kung saan ko kinuha ang papeles na inabot ko sa inyo.”

The two gave him a shrug and an it’s-not-my-fault-anymore type of look. Aba, parang ibig ipahiwatig ng dalawa na solong kasalanan niya ang naganap.

Hindi. Kailangan pa nilang magtuos ni Lian. After Julie’s death ay naputol na ang komunikasyon niya rito. Nagpalit siguro ng contact number para makaiwas na rin sa kanya. Naalala niya ang huling tagpo bago nagbago ang pakikitungo sa kanya ni Lian.

Lalaki siya, may pangangailangan, nakainom. He saw her standing with just a towel on. Hinalikan niya ito and she responded with equal passion. At pagkatapos ay sinampal siya nito nang bulungan niya ng, “Let’s do a dirty quickie, Babe...”

I can’t... I won’t! ani Lian.

Hindi niya maiwasang mapangiti kapag naaalala ang tagpong iyon. Nanlaki ang mga mata ni Lian nang ibulong niya ang mga katagang iyon na parang batang sinabihan niya ng, ‘Surprise, I’m an ogre!’

“Should I prepare the annulment papers?” untag ni Ric. “Just give me the contact details of Lian Dancel.”

“I don’t know where to find my wife.”

My wife.

He was not aware how smoothly the words came out of his mouth.

Pacheco and Associates, 10th floor, Emerald Executive Tower, Makati City.

Binasang mabuti ni Lian ang business card ni Miggy na nabuklat niya sa lumang gamit ng Ate Julie niya.

Nang matiyak na tama ang lugar na kinaroroonan ay agad niyang tinungo ang receptionist sa naturang palapag.

Pagkatapos niyang makapagpakita ng valid ID ay agad tinawagan ng receptionist ang sekretarya ng

taong pakay niya.

“Ma’am, Mr. Pacheco is in a meeting right now. But you may wait in his office,” magalang na sabi ng receptionist. “Third room to your left.”

Dumaan siya sa isang mahabang hallway. Ilang saglit pa at narating na niya ang pakay na silid.

Isang may kaliitang babaeng buntis ang sumalubong sa kanya. Sa name tag nito ay nakasulat ang ‘Nancy.’

“Ma’am, pahintay na lang saglit si Sir Miggy. Nasa meeting kasi.” Malapad ang pagkakangiti nito na waring inaasahan na ang kanyang pagdating.

“Sige, salamat,” aniyang tatalikod na sana patungong lobby kung saan niya nakita ang waiting area.

“Ay, Ma’am, huwag ka nang umalis. Pasok ka na sa office ni Sir.” Ito na mismo ang nagbukas ng pinto.

“Sa lobby na lang, nakakahiya naman dito,” tanggi niya.

Pero hindi pumayag ang sekretarya. “Masisisante ako kapag sa lobby kita pinaghintay. Halika na dito sa loob.”

The room showed that the owner was a minimalist. Walang masyadong ornamentation ang loob ng opisina. Ang tanging bagay na kapansin-pansin doon ay ang eleganteng office table, komportableng settee at ang simpleng araña sa kisame.

“Maiwan na muna kita, Ma’am. Just call me when you need anything.”

“Salamat, Nancy.”

Nang mapag-isa ay saka siya sinalakay ng nerbyos kung paano sasabihin kay Miggy ang problema o sa salitang kanto, kung paano pasasabugin ang dalang bomba nang hindi magugulat si Miguel. Umupo siya sa malambot na aqua blue sofa bed. Nakaramdam ng ginhawa ang nananakit niyang likod. Fresh from airport siya at dumerecho na kaagad dito sa Ortigas. Ang dalang maliit na maletang de gulong ay iniwan niya sa guard on duty sa main floor ng building.

Kung magta-transient boarder siya o uuwi muna sa pamangking nasa Isabela Province ay depende sa pag-uusap nila ni Miggy. Kapag walang masyadong kumplikasyon, na siya niyang inaasahan, dadalawin muna niya si Zarina.

Sumandal siya at nag-relax. Parang ipinaghehele ng mabining lamig ng aircon ang pagod niyang

katawan.

Naudlot sa hangin ang ni-rehearse ni Miggy na tono ng kanyang welcome 'Hi' sa inakala niyang sister-in-law which turned out to be his legal wife. Pagbukas niya ng pinto ng opisina ay nadatnan niyang tulog na tulog si Lian.

Nakaupong nakayukyok ito sa armrest ng sofa. Maayos na naka-ponytail ang magandang buhok nito.

At kahit hindi niya gaanong nakikita ang mukha nito, naaalala niya iyon.

Such an angelic face... it was way too beautiful for Lian to be a cunning deceiver.

Nilapitan niya ito para sana gisingin pero nagbago ang isip niya. Naalala niyang may travel sickness ito... nakakaawa naman. Mabuti pa ay hayaan na lang muna niyang makatulog para mamaya ay makausap niya nang maayos pagkagising. Ilang sandali pa niyang pinagsawa ang paningin sa magandang babaeng nasa kaharap bago nagpasyang ipagpatuloy ang mga paperworks na iniwan kanina bago siya dumalo sa conference.

Halos kalahating oras na ang lumipas ay hindi

pa siya nakakatapos magbasa ng ni isang pahina.

She's proving to be quite a distraction. Why do I have the feeling that Lian' isn't properly kissed yet?

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang magmulat ng mga mata ang babae.

“Good morning!” birong bati niya. Tumayo siya mula sa swivel chair para lapitan ito.

“I-I’m sorry... nakatulog ako,” inaantok pang pahayag ni Lian.

“Sa sobrang sarap mong matulog, I was considering kissing you like *Sleeping Beauty* para magising ka na.”

Nakita niyang nagkulay-rosas ang pisngi ng ‘asawa’.

“Sorry, sorry talaga. Hindi ko napigilang—”

“It’s fine.”

“Miggy, ’yung tungkol sa itinawag ko sa ’yo...”

“Later. Mag-late lunch muna tayo bago mag-usap. Gusto mo sa canteen o magpapaakyat na lang ako dito ng pagkain?”

“Hindi na. Busog pa ako. Saglit lang naman ito,

Miggy, mga fifteen minutes or less.” Derecho nang nakaupo si Lian at mukhang gising na gising na.

“Mukhang nag-aapura ka?” *Or you can’t wait to name your price?*

“Medyo. Alam ni Zarina na narito ako sa Manila. Maghihintay sa akin ’yon.”

“Yang hitsura mo na ’yan, may lakas ng loob ka pang bumiyaha ng Isabela? That’s suicide, Lian.” Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa. “You’re so pale. Mukhang any moment, magpa-pass out ka.”

“Look, Miggy, it’s my body. Alam ko kung kailan ko kaya at kailan hindi ko kayang gawin ang isang bagay.”

“Yeah. You and your strong body,” he said with sarcasm. “Abusuhin mo lang ang katawan mo, and sooner or later you could say my warmest regard to Julie.”

“Hindi ako nagpunta rito para sa health consultation.” May bahid ng iritasyon ang tinig nito. “May mas importanteng bagay tayong dapat pag-usapan at ’yon ay ang—”

“Later,” sansala ni Miggy. “I’m hungry.”

Mukha namang inosente si Lian sa masamang

An Honest Mistake - Alexie Aragon

iniisip niya tungkol dito kung ang pagbabasehan ay ang hitsura. Ire-rate niya ito kung paano mag-deliver ng rehearsed argument mamaya. But until then, she would be treated as innocent.